

PAGHANDAAN ANG BUSHFIRE IHANDA ANG IYONG MGA ALAGANG HAYOP


Ang pagplano para sa mga alagang hayop ay mahalagang bahagi ng mga paghahanda ng iyong sambahayan para sa bush fire. Responsibilidad mo ang kaligtasan ng iyong mga alagang hayop. Ang pagiging handa ay mahalaga sa kaligtasan mo at ng iyong alagang hayop.

✓ PANGKALIGTASANG MGA BAGAY NA PANG- EMERHENSYA

- Pagkain:** Pagkaing hindi masisira na sapat para sa tatlong araw man lamang (de-lata o pinatuyo) sa sisidlang di mapapasukan ng hangin at tubig
- Tubig:** Tubig na sapat para sa tatlong araw man lamang
- Mga gamot:** Imbakin sa sisidlang di-mapapasukan ng tubig, pati rin ang anumang partikular na mga pangangailangan sa pagkain o suplemento
- Mga Talang Medikal/Beterinaryo:** Imbakin ang mga kopya ng anumang mga talang medikal at pagpapabakuna sa sisidlang di-mapapasukan ng tubig kabilang ang pangalan ng beterinaryo at numero ng telepono
- First Aid Kit:** Mag-imbak ng karagdagang rolyo ng bendaheng cotton, mga tape para sa bendahe, gunting, tiyani at latex na guwantes, dagdag pa sa mismong kakailanganin mo
- Kumot/Kobre-kama:** Mga pamilyar na bagay tulad ng paboritong kumot o mga laruan na tutulong makabawas sa pagkabahala
- Kalinisan:** Mga bagay na makakatulong kabilang ang mga diyaryo, tuwalyang-papel, bag na plastik, guwantes at bleach (upang haluan ng tubig) na gagamiting panlinis

✓ PAGKAKAKILANLAN

- Kolyar o tag:** Tiyaking malinaw na makikita ang pangalan ng iyong hayop, ang iyong pangalan, numero ng telepono at, kung may puwang pa, ang iyong tirahan
- Pagkarehistro at microchip:** Tiyakin na ang iyong hayop ay nakarehistro at ang kanyang mga detalye ng microchip ay pangkasalukuyan
- Litrato:** Mag-imbak ng kasalukuyang litrato ng iyong hayop sa sisidlang di-mapapasukan ng tubig, kabilang ang mga tala tungkol sa: mga katangiang madaling pagkilanlan, pangalan, kasarian, edad, kulay at kasta (breed). Magsali rin ng larawan na magkasama kayo ng iyong hayop dahil tutulong itong magpatunay ng pagmamay-ari
- Mag-back up:** Imbakin nang elektroniko ang mga detalye ng microchip, detalye ng medikal at beterinaryo, mahalagang mga detalye ng kontak at lahat ng mga litrato



KAGAMITAN

- Matibay na pang akay, harness (guwarnasyon) o muzzle (busal):** at anumang iba pang kagamitan na tutulong sa pagkontrol ng iyong hayop

Ang mga Sentro ng Likasan (Evacuation Centre) ay maaaring hindi magpapasok sa loob ng mga alagang hayop at malalaking hayop dahil sa mga regulasyon sa kalusugan at kaligtasan at pagsasaalang-alang sa ibang tao. Ang mga asong gabay at suporta sa kapansanan ay papapasukin.

Magplanong ihatid ang iyong mga hayop sa isang angkop na bahay ng kaibigan o kapamilya sa isang mas ligtas na lokasyon.

- Mga kulungan o pambitbit:** Ito ay upang madala ang iyong hayop nang ligtas at tiyakin na hindi ito makakawala. Tiyaking ito ay sapat ang laki upang ang hayop ay makatayo, makaikot at makahiga.

KUNG IKAW AY PALILIKASIN

Isali sa iyong pagpapalano ang iyong mga alagang hayop at kumilos nang maaga upang protektahan at ilipat sila sa angkop na mga lugar.

NSW RSPCA

T: 1300 278 358

W: www.rspcansw.org.au

Kagawaran ng Pangunahing mga Industriya sa NSW

W: www.dpi.nsw.gov.au/emergency



Para sa karagdagang impormasyon kung ano ang iyong magagawa upang paghandaan ang bush fire sa panahong ito:



Website ng NSW Rural Fire Service
www.rfs.nsw.gov.au
www.myfireplan.com.au



Ang pinakamalapit na NSW RFS
Fire Control Centre:



Linya ng Impormasyon para sa Bush Fire
1800 NSW RFS (1800 679 737)